BOMBO RADYO PHILIPPINES
RELENTLESS SERVICE TO FILIPINOS

Malacañang sa UN rapporteur: 'Demokrasiya sa bansa, nananatiling matatag'

Posted By: Bombo Christian Yosores on: March 31, 2018 | 1:08 PM No Comments

Binanatan ngayon ni Executive Secretary Salvador Medialdea ang pahayag ng isang Pinay United Nations (UN) Special Rapporteur ukol sa pagiging diktador umano ng pamahalaan.

Sa inilabas na statement ni Medialdea, iginiit nito na nananatiling matatag ang demokrasiya sa bansa, gayundin ang tatlong sangay ng pamahalaan.

"Democracy in the Philippines is vibrant and strong. All the branches of the government are functioning and the rule of law thrives," ani nang tinagurian ding "Little President."

Kamakailan nang ihayag ni UN Special Rapportuer on Indigenous People's Victoria Tauli-Corpuz sa Human Rights Festival sa Milan, Italy na nagiging diktador na umano ang kasalukuyang

administrasyon dahil sa pangongontrol daw nito sa lehistlatura at hudikatura.

READ: 'Terror tag' sa CPP-NPA, babawiin lang kung may final peace agreement - Palasyo

“The new government has become very authoritarian. It controls the parliament. It filed an impeachment case against the Chief Justice of the Supreme Court. It has imprisoned another woman who is a senator (Leila De Lima). So it’s going against the different institutions, government branches that should balance the executive,” giit kamakailan ni Tauli-Corpuz.

Pero depensa ni Medialdea, nirerespeto ng ehekutibo ang hiwalay na kapangyarihan ng tatlong departamento, gayundin na hindi umano nakikialam ang Palasyo sa mga isyung kinakaharap ng mga ito.

READ: 9 na araw na gun ban sa Ilocos Sur, inaprubahan na ng PNP para sa Palarong Pambansa 2018

“The Executive branch respects the separation of powers and the independence of the other co-equal branches and doesn’t meddle with their affairs,” sagot pa ni Medialdea.

Nauna nang naghain ng petisyon ang Department of Justice laban sa 600 indibidwal, kabilang na si Tauli-Corpuz, na nagtuturing sa mga ito bilang terorista dahil sa umano’y koneksyon ng mga ito sa New People’s Army.